

# Modyul sa
# PAGBASA AT PAGSULAT

**Ika-3 Markahan | Linggo 23**

# ARALIN 5: TEKSTONG PROSIDYURAL

Nakapaloob sa modyul na ito ang mga kasanayang pampagkatuto na dapat mong malinang bilang isang mag-aaral.

1. Natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahalagang salitang ginamit ng tekstong prosidyural. **FIIPT-IIIa-88**
2. Naibabahagi ang katangian at kalikasan ng tekstong prosidyural. **FIIPS-IIIb-91**
3. Nakasusulat ng ilang halimbawa ng tekstong prosidyural. **F11PU – IIIb – 89**
4. Nakakukuha ng angkop na datos upang mapaunlad ang sariling tekstong isinulat **F11EP – IIId – 36**
5. Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa binasang tekstong prosidyural sa sarili, pamilya, komunidad, bansa at daigdig. **F11PB – IIId – 99**
6. Naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa binasang tekstong prosidyural.

**F11PS – IIIf – 9**

**PANIMULANG PAGTATAYA**

**A.** Hanapin sa Hanay B ang tamang sagot ng mga pahayag na nasa Hanay A. isulat sa patlang ang titik ng iyong napiling sagot.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| ______1.Inaasahang matamo sa isang gawain | A. Konklusyon |
| ______2.Uri ng teksto na nagsasaad ng serye ng mga gawain. | B. Eksperimento |
| | C. Argumentatibo ng "Volleyball". |
| ______3. Ang bola, *net* at lugar na paglaruan ay pangunahing kailangan sa paglalaro | D. Prosidyural |
| ______4.Para makapagtapos sa pag-aaral. | E. Pamamaraan sa larangan ng teknolohiya. |
| ______5.Napatunayan ng mananaliksik na malaki ang kakayahan ng mga Pilipino | F. Panuto |
| | G. Layunin ng pananaliksik. |
| ______6.Pagtukoy sa tiyak na paksa ang unang isinasaalang-alang bago umpisahan ang isasagawang gawain. | H. Resulta |
| | I.Kagamitan |
| ______7. Sundin ang utos ng magulang. | J. Paraan ng pagluluto (Recipes) |
| ______8. Paggawa ng "*Rubber Bond Powered Car"* | |
| ______9. Nagbibigay ng panuto o direksiyon kung paano gawin ang isang bagay at sinusunod ang mga hakbang para sa tamang proseso sa paggawa. | |
| ______10.Uri ng tekstong prosidyural na nagbibigay ng panuto sa mga mambabasa kung paano magluto. | |

**II.** Lagyan ng titik ang bawat kahon ayon sa tamang pagkakasunud-sunod ng mga sumusunod na sitwasyon.

☐ Kumain ng agahan bago pumasok sa paaralan.

☐ Maligo para mabango at malinis ang katawan.

☐ Iligpit ang higaan bago lumabas ng kwarto.

☐ Magpaalam sa mga magulang.

☐ Gumising nang maaga.

Batay sa tinalakay na tekstong ARGUMENTATIBO sa nakaraang modyul, magbigay ng iyong sapat at matibay na pagpapaliwanag sa isyu upang mahikayat ang mga mambabasa o tagapakinig tungkol sa isyung nasa ibaba.

“Kahalagahan ng Pag-aaral o Edukasyon Tungo sa Pag-unlad ng Bansa.”



Sundan ang video na “7 RINGS - ARIANA GRANDE Dance Tutorial” na makikita sa https://www.youtube.com/watch?v=fP_IZKfc4vo&t=473s. Pumili ng isang bahagi ng sayaw mula rito at subuking ilahad ang mga hakbang sa pagsasayaw nito.

| Mga Hakbang at Proseso ng Pagsayaw | |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |

## TEKSTONG PROSIDYURAL

Ang tekstong prosidyural ay naglalahad ng serye o mga hakbang sa pagbuo ng isang gawain upang matamo ang mga inaasahan. May pagkakataon sa ating buhay na nais nating matutunan kung paano gagawin ang isang bagay, halimbawa-ang wastong pagluluto ng adobong manok. Datapuwa’t may mga iba’t ibang babasahin na maaari nating mapagkukunan ng impormasyon. Ang mahalaga ay nauunawaan ang tekstong binasa lalong-lalo na ang mga salitang ginamit sa teksto.

Nagsasaad din ito ng impormasyon o mga direksiyon upang ligtas, mabilis, matagumpay, at maayos na maisakatuparan ang mga gawain.

**Mga Gamit ng Tekstong Prosidyural**

1. Pagpapaliwanag kung paano gumagana o pagaganahin ang isang kasangkapan batay sa manwal na ipinakita.
2. Pagsasabi ng hakbang kung paano gagawin ang isang bagay o gawain.
3. Paglalarawan kung paano makakamit ang ninanais na kalagayan sa buhay.

**Halimbawa ng mga sulatin o akdang gumagamit ng Tekstong Prosidyural**

- manwal sa paggamit ng kasangkapan o mekanismo
- resipi
- gabay sa paggawa ng mga proyekto
- mga eksperimentong siyentipiko
- mekaniks ng laro
- mga alintuntunin sa kalsada

| IBA'T IBANG URI NG TEKSTONG PROSIDYURAL | | |
|---|---|---|
| Uri | **Kahulugan** | **Deskripsyon** |
| **1.Paraan ng Pagluluto (Recipes)** | ➢ Nagbibigay ng panuto sa mga mambabasa kung paano magluto. Sa paraan ng pagluluto, kailangan ay malinaw ang pagkakagawa ng mga pangungusap at maaring ito ay magpakita rin ng mga larawan. | Recipe ng adobong manok<br>Hal. Igisa ang bawang hanggang sa magkulay kape at saka ihalo ang manok. |
| **2.Panuto** | ➢ Nagsisilbing gabay sa mga mambabasa kung paano isagawa o likhain ang isang bagay. | Pagsagot sa isang lagumang pasulit.<br>Hal.Bilugan ang titik ng tamang sagot. |
| **3.Panuntunan sa mga Laro** | ➢ Nagbibigay sa mga manlalaro ng gabay na dapat nilang sundin. | Panuntunan sa paglalaro ng Sepak Takraw<br>Hal.Bawal hawakan ang bola. Paa, ulo, balikat, dibdib, tuhod, hita at binti lamang ang maaaring gamitin. |
| **4.Mga Eksperimento** | ➢ Sa mga eksperimento, tumutuklas tayo ng mga bagay na hindi pa natin alam. Karaniwang nagsasagawa ng eksperimento sa siyensya kaya naman kailangang maisulat ito sa madaling naiintindihang lennguwahe para matiyak ang kaligtasan ng magsasagawa ng gawain. | Karaniwang ginagawa sa Agham na asignatura.<br>Hal. Paggawa ng "*Egg Lamp*" |
| **5.Pagbibigay ng Direksyon** | ➢ Mahalagang magbigay tayo ng malinaw na direksyon para makarating sa nais na destinasyong tatahakin. | Pagtuturo ng direksyon ng isang lugar.<br>Hal.Ang bahay nila Ana ay malapit lamang sa palengke. |

**Halimbawa ng Tekstong Prosidyural (Paraan ng Pagluluto /Resipe):**

**BIKOL EXPRESS**



https://www.google.com/search?q=larawan+ng+bicol+express&rlz=1C1CHBD_enPH847PH847&tbm=isch&source=lnms&sa=X&ved=0ahUKEwias_ikntvpAhWTKqYKHZlACVoQ_AUICigB&biw=1360&bih=657&d

Mga Sangkap:

4 na tasa ng siling mahaba
1 kutsarang asin
2 tasang gata ng niyog
1 ½ tasang sariwang alamang
¼ na kilo ng karne -liempo 3 butil ng bawang, tinadtad 1 sibuyas, tinadtad
1 tasa ng kakang gata


**Hakbang sa Pagluluto**

1. Ibabad ang sili sa tubig na nilagyan ng asin. Itabi nang tatlumpung (30) minuto at pagkatapos ay hugasang maigi. Patuluin.
2. Sa kawali, paghaluin ang gata, alamang, karne, bawang, sibuyas, at asin. Pakuluin.
3. Hayaan lamang ang apoy at isalang pagkatapos ng sampung (10) minuto.
4. Idagdag ang sili at lutuin hanggang halos matuyo.
5. Ibuhos ang kakang gata at hayaang magmantika.

## Gawain 1

Punan ang bawat bilog ng mga kabutihang naidudulot ng tekstong prosidyural sa mga pang-araw-araw na gawain. Gawin ito sa loob lamang ng tatlong minuto.

**GRAPHIC ORGANIZER**





## Gawain 2

Isulat ang kahalagahan ng tekstong prosidyural sa bawat kahon. Limang (5) puntos sa bawat kahon.

Sarili

Pamilya

Komunidad

Bansa

Daigdig



## Gawain 2

Sumulat ng dalawang halimbawa ng paksa sa bawat uri ng tekstong prosidyural na nasa ibaba. Gawing batayan ang mga natalakay tungkol dito.

| **URI NG TEKSTONG PROSIDYURAL** | **HALIMBAWA** |
|---|---|
| 1.Paraan ng Pagluluto | 1. |
| | 2. |
| 2.Panuto | 1. |
| | 2. |
| 3.Panuntunan sa mga laro | 1. |
| | 2. |

## Gawain 2

Suriin ang halimbawa ng tekstong prosidyural na "Mga hakbang upang Makapagtapos ng Pag-aaral". Pagkatapos masuri, isaayos ang mga bahagi nito ayon sa tamang pagkasunod-sunod. Isulat ang bilang sa patlang.

_____ Ang kolehiyo ay mayroong apat na taong kurso bago makapagtapos tulad ng *business administration*, *teacher, criminology, agriculture* at marami pang iba.

_____ Kapag nakapasa sa *grade* 7 hanggang *grade* 12, mag-*enroll* sa kolehiyo.

_____ Kapag nakapasa sa *entrance exam* para sa napiling kurso, makakapag-aral sa kolehiyo, kung hindi naman makapasa mayroong ibang pagpipiliang kurso upang makapag- aral sa kolehiyo.

_____ Sa panahon ngayon, ang mga bata ay dadaan sa *kindergarten* bago mag elementarya. Kailangang ding makapagtapos ng elementarya upang makapag-enrol sa mataas na paaralan.

_____ Kailangang mag-aral mula grade 7- 12 upang makapag- *enroll* sa kolehiyo.

.

Sa kabuuan, mahalagang malaman at matutunan ang tekstong prosidyural upang magamit ito sa pang-araw-araw na gawain ng isang tao at magsilbing gabay para maging mabisa, makabuluhan at maging matagumpay sa paggawa ang anumang gawain.

Bumuo ng isang tekstong prosidyural tungkol sa mga hakbang sa pagsasagawa ng gawaing nakaatas sa strand mo.

- ***BEAUTY CARE* – Mga Hakbang sa Paglilinis ng Kuko**
- ***COOKERY*– Mga Hakbang sa Pagluluto ng Adobong Manok**
- **ABM – Mga Hakbang sa *Online Selling***
- **HumSS – Panuto sa Pagkuha ng *Birth Certificate* o Sertipiko ng Kapanganakan**
- **SMAW – Mga Hakbang sa Paggawa ng *Window Grills***
- **EIM – Mga Hakbang sa Pagbuo ng *Extension Wire***
- ***SPORTS* – Panuto sa Larong *Basketball***
- ***ARTS* – Proseso sa Pag- imprinta ng ID**
- **STEM – Hakbang na dapat sundin kung may Earthquake**

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**PANGWAKAS NA PAGTATAYA**

**I.** **A.** Hanapin sa Hanay B ang tamang sagot ng mga pahayag na nasa Hanay A. isulat sa patlang ang titik ng iyong napiling sagot.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| ______1.Inaasahang matamo sa isang gawain<br>______2.Uri ng teksto na nagsasaad ng serye ng mga gawain.<br>______3.Ang bola, *net* at lugar na paglaruan ay pangunahing kailangan sa paglalaro<br>______4.Para makapagtapos ng pag-aaral.<br>______5.Napatunayan ng mananaliksik na malaki ang kakayahan ng mga Pilipino<br>______6.Pagtukoy sa tiyak na paksa ang unang isinasaalang-alang bago umpisahan ang isasagawang gawain.<br>______7. Sundin ang utos ng mga magulang.<br>______8. Paggawa ng "*Rubber Bond Powered Car*"<br>______9. Nagbibigay ng panuto o direksiyon kung paano gawin ang isang bagay at isusunod ang mga hakbang para sa tamang proseso sa paggawa.<br>______10.Uri ng tekstong prosidyural na nagbibigay ng panuto sa mga mambabasa kung paano magluto. | A. Konklusyon<br>B. Eksperimento<br>C. Argumentatibo ng *"Volleyball".*<br>D. Prosidyural<br>E. Pamamaraan sa larangan ng teknolohiya.<br>F. Panuto<br>G. Layunin na pananaliksik.<br>H. Resulta<br>I.Kagamitan<br>J. Paraan ng pagluluto (Recipes) |
| | |

**B.** Isaayos ang mga hakbang sa pagluluto ng pinakbet ayon sa pagkakasunud-sunod nito. Ilagay ang bilang sa nakalaang patlang.

**Mga Sangkap sa Pagluluto ng Pinakbet**



1 tasang kalabasa, hiniwa-hiwa
1 ampalaya, katamtaman ang laki
3 kutsarang bagoong alamang
2 puswelong sabaw-sinaing
6 okra
2 talong,hiniwa
10 pirasong sitaw
3 pirasong kamatis
1 sibuyas

http://lutona.blogspot.com/2009/03/pinakbet.html

______ Ilunod sa kumukulong sabaw ang kalabasa.

______ Isunod ang sitaw. Pagsabaying idagdag ang ampalaya, talong at okra.

______ Ilagay ang sabaw-sinaing sa kaldero.

______ Idagdag rin ang sibuyas at kamatis na malaki ang hiwa.

______Timplahan ng alamang. Pakuluin.Takpan at hayaan hanggang maluto ang mga gulay.